Sa Paggamit ng Nebulizer

Ang nebulizer ay isang kagamitan o mekanismo na naghahatid ng gamot sa hika tungo sa mga baga.

- Ang nebulizer ay isang mekanismo na nagtutulak ng hangin tungo sa gamot sa hika para ito ay magmistulang hamog.
- Karaniwan ang mga tao ay may hingahan na may pang-pamagitan (spacer) sa halip na mga nebulizers.
- Karaniwan ang nebulizer ay iminumungkahi lamang ng mga manggagamot sa mga sanggol, kabataan at mga taong may kasaysayan ng hika.

Ang nebulizer ay dapat gamitin ng tama upang makapaghatid ng gamot tungo sa mga baga. Sa paggamit ng nebulizer:

1) Pag-ugnay-ugnayin ang nebulizer. Basahin ang direksyon o magtanong sa manggagamot para magpaturo kung papaano.
2) Siguruhing ang nebulizer ay nasa patag na lugar.
3) Ilagay ang gamot sa tasa.
4) Ikabit ang tubo sa lalagyan ng gamot at paandarin. May hamog na dapat lalabas.
5) Ilagay ang hingahan sa bibig o isuot ang mascara ng hapit na hapit at akma sa ilong at bibig.
6) Huminga ng papasok at palabas ng malumanay at malalim hanggang sa maubos ang gamut habang pinipigil ang bawat paghinga ng isa (1) o dalawang (2) segundo.
7) Patigilin ang nebulizer at tanggalin ang pagkakaugnay ng tubo.
8) Magmumog ng tubig.
9) Ibalik sa plastik na lalagyan ang nebulizer.

<u>Ang nebulizer ay nangangailangan ng pangangalaga upang ito ay tumagal gumana ng maayos.</u>

- **HUWAG KAILANMAN** pagamit sa iba ang tubo at hingahan sa bibig.
- Taktakin hanggang sa matuyo ang loob ng tubo sa bawat matapos sa paggamit.
- Ibabad ang hingahan sa bibig at maskara sa loob ng isang (1) parte ng suka sa tatlong (3) parte ng tubig sa tatlumpung (30) minuto sa tuwing makalawa o tatlong araw. **Hindi dapat ibabad ang tubo!**
- Patuyuin sa hangin ang tubo.
- Punasan ang nebulizer at ang panlabas na tubo ng mamasa-masang malinis na tela bawat gamit.

San Diego Regional Asthma Coalition

AMERICAN LUNG ASSOCIATION® of California

San Diego Childhood Asthma Initiative